

# Blended na Pagtuturo-Pagkatuto: Online na Kagamitan sa Pagsulat

**Marilou B. Peñeda, Ed.D.**

Visayas State University Tolosa

Philippines

marilou.peneda@vsu.edu.ph

**Abstract** – Teaching in the 21<sup>st</sup> century is a challenge facing every teacher to innovate pedagogies in attaining quality learning of students thereby enhancing their skills in writing. This study focuses on blended teaching-learning using online instructional material in writing. It aims to identify the writing skills of the students in the pre-test and post-test scores based on content, organization and mechanics in writing; the significant difference of the results in pre-test at post-test scores; and feedback of the students on blended teaching-learning. Quantitative method using one-group pretest-posttest were used. Results revealed that students agree that they have the skills in writing based on content, organization and mechanics in writing; there is significant difference in the pre-test and post-test scores in the composition writing; there is positive feedback in the blended teaching and learning using online instructional material in Edmodo platform. Hence, the use of blended teaching-learning using online instructional material in Edmodo is effective in the development and improving the skills in writing of the students based on content, organization and mechanics. Thus, the use of blended teaching-learning in writing should be integrated in Filipino and other subjects in college in gaining a productive and significant student's experience in writing.

**Keywords**— *Blended teaching-learning, writing, Edmodo, pre-test and post-test, Philippines*

**Abstrak** – Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa pagsulat. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa pre-test at post-test batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks; ang makabuluhang pagkakaiba ng kinalabasan ng pre-test at post-test scores; at ang feedback ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto. Ginamit sa pag-aaral na ito ang quantitative na pamaraan sa pamamagitan ng one-group pretest-posttest at ang qualitative na pamaraan gamit ang phenomenological approach. Lumabas na ang mga estudyante ay sumang-ayon na taglay nila ang mga salik na nakapaloob sa kasanayang pagsulat ayon sa nilalaman, organisasyon at mekaniks; may

*makabuluhang pagkakaiba ang kinalabasan ng pre-test at post-test scores sa pagsulat ng komposisyon; nagkaroon ng positibong feedback hinggil sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo. Ang naging konklusyon ng pag-aaral na ito ay higit na mabisa ang paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo sa paglinang at pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks upang maging mabunga at makabuluhan ang karanasan sa pagsulat ng mga estudyante.*

**Susing Salita** – *Blended na pagtuturo-pagkatuto, pagsulat, Edmodo, pre-test and post-test, Philippines*

## I. INTRODUKSYON

Ang pagsulat ay daan tungo sa pag-unlad sa halos lahat ng larangan na maaaring tahakin ng isang tao [1]. Ang mabisang kasanayan sa pagsulat ay nararapat na lubusang malinang sa mga estudyante sapagkat may malaking gampanin ito sa pagtatagumpay sa larangang akademiko at maging paghahanda sa larangan ng pagtatrabaho. Sa pamamagitan ng kasanayang pagsulat ay nalilindag din ang pampersonal na aspeto ng isang tao at sa mabisang pakikipagkomunikasyon mula sa iba't ibang larangan gaya ng edukasyon, kalakalan, medisina, pamahalaan at iba pang larangan.

Ang bawat asignaturang Filipino ay nagtataglay ng mga kasanayang kailangang malinang sa mga estudyante. Isa sa mga kasanayang kailangang malinang sa mga estudyante sa antas kolehiyo ay ang kasanayang pagsulat. Ayon pa kay Jun [2] ang pagsulat ay isang masalimuot na proseso kung saan ang iba't ibang mga salik ay may malaking kaugnayan sa bawat isa samantalang para kina Hashemian at Heidari [4] ay mahirap ang pagsulat sapagkat ang isang nagsusulat ay nahaharap sa iba't ibang hamon.

Batay sa sariling karanasan ng mananaliksik at kadalasang hinaing ng mga guro sa tuwing nagwawasto ng mga pagsusulit na may pagsulat ng sanaysay o komposisyon, ang kakulangan sa kasanayan ng pagsulat ng mga estudyante sa kasalukuyang panahon ay malaking balakid sa pagkatuto. Ilan sa mga kahirapan ng mga estudyante ay ang hindi angkop na paggamit ng mga salita sa pangungusap; nawawala ang kahulugan sa pagkakabuo ng mga pangungusap; ang organisasyon

ng mga pangungusap ay hindi nakaayos; at ang kamalian sa pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino. Bilang isang guro sa Filipino, sadyang mahirap maisakatuparan ang paglinang ng kasanayan sa pagsulat dahil sa kakulangan ng pangunahing kaalaman at kasanayan ng mga estudyante. Ayon pa sa pag-aaral ni Truya [4] ang mga guro ay dumadaing sa kakulangan ng kakayahan ng mga estudyante sa pagsulat. Ito ay nagpapahiwatig na ang pagsulat ay hindi madaling gawin at maaaring maging balakid pa ito sa lubusang pagkatuto ng bawat estudyante. Pinatotohanan naman ito sa pag-aaral nina Lartec, et al. [5] na ang mga estudyante ay may kawalan ng interes at paggamit ng angkop na salita sa pagsulat. Nangangahulugan ito na kailangan ng guro ng mga pamamaraan upang mapukaw ang interes ng mga estudyante at malinang ang kanilang kasanayang pagsulat.

Patuloy ang paglawak ng kahalagahan at papel na ginagampanan ng teknolohiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Nagiging madali at epektibo para sa mga estudyante ang mga paraan at istilo ng pag-aaral sa kasalukuyang panahon sa tulong ng Internet. Ang mga makabagong kasangkapan gaya ng kompyuter, laptop, tablet, mobile phone ay may malaking tulong sa mga estudyante upang maging mabisa sa iba't ibang gawaing pang-akademiko at ang makabuluhang epekto ng teknolohiyang ito ay magpapatuloy batay sa kinalabasan ng sarvey na isinagawa ng *The Economist Intelligence Unit* [6] kung saan 63% ng mga tagatugon ay nagpahayag na ang inobasyon sa teknolohiya ay may malaking naidudulot sa paraan ng pagtuturo.

Ang pagtuklas ng isang pamaraan ng pagtuturo na may paghahanay sa kahingian ng uri ng mga kasalukuyang estudyante ay bilang tugon sa isa sa mga gampanin ng Commission on Higher Education (CHED) ayon sa Republic Act 7722 (*Higher Education Act of 1994*) ay ang pagsasakatuparan ng epektibong operasyon at patuloy na paglinang at pagpapaunlad ng mataas na edukasyon [7]. Kasabay nito ay ang pagtiyak na mapaunlad ang mataas na edukasyon kasama ang teknolohiya para sa pag-unlad ng bansa at kakayahang global ng mga estudyante. Kaugnay nito ang pagsulong ng larangang pagkatuto at pananaliksik tungo sa pakikipagsabayan sa internasyunal na pamantayan.

Higit na tumibay ang pagnanais ng mananaliksik na pagtuunan ng pansin ang pagsulat bilang isang kasanayan na kailangang malinang sa bawat estudyante at kasabay nito ang hamon sa paglikha ng kagamitan sa pagtuturo na lilinang nang lubusan sa pagkatuto ng mga estudyante sa pagsulat. Sa pagpasok ng makabagong teknolohiya sa pang-araw-araw na pagkatuto ng estudyante, lumaganap ang ilang paraan ng pagtuturo at proseso ng pagkatuto gamit ang mga modernong kasangkapan at Internet. Isa sa mga paraan ng pagkatuto na umusbong ay ang tinatawag na blended na pagkatuto, kung saan ito ay ang kumbinasyon ng pagtuturo sa loob ng silid aralan at online na pagtuturo sa loob ng isang kurso [8]. Kung kaya't ang blended na pagtuturo ay isang

inobasyon bilang pagbibigay solusyon sa pangangailangan sa edukasyon na makapaglilingan sa kasanayang pagsulat ng mga estudyante gamit ang mga transisyunal na kagamitan.

Dahil dito, naniniwala ang mananaliksik na ang paghahanda ng online na kagamitan sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ay makabuluhan. May marami nang guro at mananaliksik ang naglinang ng iba't ibang online na kagamitang pampagtuturo sa pagsulat ngunit wala pa o kung mayroon man ay limitado lamang ang nalinang sa disiplinang Filipino para sa estudyante na nasa antas kolehiyo na may layuning mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat. May matinding pangangailangan ng paglinang ng kagamitang pampagtuturo sa disiplinang ito, kaya ito ang anggulo na nagpatibay sa pagnanais ng mananaliksik na makabuo ng online na kagamitang pampagtuturo na nilinang gamit ang blended na pagtuturo-pagkatuto sa kasanayang pagsulat sa Filipino. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay makabuo ng online na kagamitang pampagtuturo na nilinang gamit ang blended na pagtuturo-pagkatuto sa kasanayang pagsulat sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teorya ng constructivist at teorya ng connectivism sapagkat nilayon ng mananaliksik na matugunan at higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga estudyante sa paraang malilining nang husto ang kanilang pagiging mapagkusa sa gawaing pagkatuto [9]. Ang mga gawaing pagkatuto ay nararapat na naaayon sa kasalukuyang estudyante sa paggamit ng teknolohiya at online na pagkatuto. Ang online na kagamitan ay nagpapanatili sa komunikasyon o dayalogo sa pagitan ng guro at ng mga estudyante na isa sa saklaw ng mga nabanggit na teorya.

Sa pag-aaral na ito, tinukoy ng mananaliksik ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa pre-test at post-test batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks; at ang makabuluhang pagkakaiba ng kinalabasan ng pre-test at post-test scores ng mga estudyante. Tiningnan din ang *feedback* ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto.

## II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang makabuo ng online na kagamitang pampagtuturo na nilinang gamit ang blended na pagtuturo-pagkatuto sa kasanayang pagsulat sa Filipino. Tinukoy ng mananaliksik ang ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa pre-test at post-test batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks; ang makabuluhang pagkakaiba ng kinalabasan ng pre-test at post-test scores ng mga estudyante; at ang *feedback* ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto.

## III. METODOLOHIYA

### A. Instrumento at Kagamitan ng Pananaliksik

Ang disenyo ng pag-aaral ay eksperimental na naglalayong makabuo ng online na kagamitang pampagtuturo na nilinang gamit ang blended na

pagtuturo-pagkatuto sa kasanayang pagsulat sa Filipino. Ginamit ang quantitative na pamaraan sa pag-aaral na ito.

Ginamit sa quantitative ang *one-group pretest-posttest* sa layuning matukoy ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa pre-test at post-test batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks; makabuluhang pagkakaiba ng pre-test at post-test sa pagsulat ng komposisyon; at ang *feedback* ng mga estudyante hinggil sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang nilinang na online na kagamitan sa Edmodo.

Ang mga mag-aaral na nasa Unang Taon na kumukuha ng edukasyon na kurso ng Visayas State University Tolosa, Tanghas, Tolosa, Leyte ay ang siyang naging tagatugon sa pag-aaral na ito. Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Science in Secondary Education (BSED) ay binubuo ng limampu't pitong (57) mag-aaral. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral, pinili ng mananaliksik ang mga naging tagatugon sa pag-aaral sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Pinili ang dalawampung (20) mag-aaral mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na limampu't pito (57).

Ang angkop na bilang ng mga mag-aaral na tumatanggap ng online na pagtuturo sa blended na pamaraan ay isa sa mga dapat isaalang-alang upang makamtan ang epektibong online na pagtuturo ng pagsulat. Ang online na pagtuturo sa pagsulat ay nararapat na nasa dalawampung (20) bilang ng mga mag-aaral lamang bawat klase [10]. Ang proseso ng online na pagtuturo ay masinsinan kung saan madalas ang interaksyon ng guro at ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang mabilis na tugon ng guro ay kinakailangan, mahalaga ang malalimang pagtataya at dahil dito ang dalawampung (20) bilang ng mga mag-aaral o mas maliit pa ay ang siyang inirerekomenda. Isasaalang-alang sa pagpili ang mga mag-aaral na may sapat na kasanayan sa paggamit ng kompyuter, laptop, tab, smart phone, epektibong paggamit ng internet at iba't ibang aplikasyon sa web na ginamit sa online na kagamitan sa Edmodo upang higit na maisakatuparan ang pagtamo ng layunin ng pag-aaral. Ang paggamit ng online na kagamitang pampagtuturo na nilinang ng blended na pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng Edmodo bilang *social learning platform* ay ang siyang naging interbensyon ng pag-aaral na ito.

Ang dalawampung (20) mga mag-aaral na napili ay ang siyang gumamit ng online na kagamitang pampagtuturo sa Edmodo na nilinang ng blended na pagtuturo at pagkatuto.

### B. Pinanggalingan ng Datos

Ang unang instrumento na ginamit ay isang talatanungan sa pre-test at post-test na naglayong matukoy ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante batay sa kanilang sariling pagtataya. Ang instrumentong ito ay iminodipika ng mananaliksik hango sa ESLP 182 Questionnaire

[11] naglayong matukoy ang kasanayang pagsulat batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks. Binubuo ng anim (6) na aytem ang naglalayong matukoy ang kasanayang nilalaman at parehong pitong (7) aytem naman para sa organisasyon at mekaniks. Ang mga aytem sa talatanungan ay nakabatay sa Likert Scale kung saan ang 5.0 para sa lubos na sumasang-ayon, 4.0 para sa sumasang-ayon, 3.0 para sa di-tiyak, 2.0 para sa di-sumasang-ayon at 1.0 para sa lubos na di-sumasang-ayon.

Idinaan ang proseso ng balidasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *dry run* ang unang instrumento. Ang mga naging tagatugon sa pagsasagawa ng *dry run* ay mga estudyante na may parehong katangian sa mga tagatugon. Naglalayon ito na mapabisa ang *reliability* ng instrumento. Pagkatapos, sinuri ang naging kinalabasan at nirebisa ito sa pamamagitan ng pagsusuring Cronbach Alpha.

Batay sa pagsusuri ng mga aytem sa pamamagitan ng pagsusuring Cronbach Alpha ay lumabas na ang nilalaman, organisasyon at mekaniks ay nagkaroon ng mataas na alpha (.842, .784 at .819) sapagkat ito ay mas mataas sa .75 kung kaya, ito ay katanggap-tanggap. Samantalang ang dalawang aytem sa mekaniks ay nagkaroon ng mababang *Corrected Item-Total Correlation* (.257 at .261) kung kaya't kinailangang tanggalin ang dalawang aytem at nagkaroon ng *rerun* sa balidasyon sa mekaniks.

Ang ikalawang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang pagsulat ng komposisyon na pre-test at post-test na may layuning matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test na marka ng mga estudyante. Ang pagpapasulat ng komposisyon ay sa pamamagitan ng pagpakita ng larawan upang mapalabas ang kaalaman at opinyon ng mga estudyante hinggil sa larawan at ang mga kaugnay na ideya nito. Magkaiba ang larawan na ginamit sa pre-test at post-test upang maisaalang-alang din ang *validity* ng instrumento. Kaugnay ito sa pag-aaral nina Nasir, et al. [12] na magkaiba ang paksa na ipinasulat sa pre-test at post-test sa pagtukoy ng kasanayan sa pagsulat. Ang larawan na ginamit upang maging lundayan sa pagsagawa ng pre-test ay larawan hinggil sa mga batang tumatawid sa ilog upang makapasok sa paaralan. Samantalang ang larawan na ginamit sa post-test ay hinggil sa labis na populasyon at ang epekto nito sa kapaligiran. Makatotohanan ang mga larawan sa pre-test at post-test sapagkat ito ay nauugnay sa tunay na karanasan ng mga estudyante. Halos lahat nabibilang sa iisang lugar ang mga naging tagatugon kung saan ito ay malayo sa syudad na pawang namumuhay ng simple mula sa pangingsda at pagsasakang pinagkukunan. Dagdag pa, ilan sa mga tagatugon ay may mga sarili nang pamilya kung saan naiuugnay naman nila ang kanilang mga sarili sa paksang pag-aaral at edukasyon. Kung gayon, ang mga larawan na ginamit sa pre-test at pos-test sa

pagsulat ng komposisyon ay makatotohan at nauugnay sa tunay na sitwasyon ng mga estudyante.

Ang pagsulat ng komposisyon ay may pagsasaalang-alang sa mga elemento ng pagsulat gaya ng nilalaman, organisasyon at mekaniks. Ang mga elementong ito ay siya ring naging panuntunan sa pagwawasto ng komposisyon. Ginamit ng mananaliksik ang dalawang panuntunan ni Aday [13] sa pagwawasto ng komposisyon: ang organisasyon at mekaniks. Dinagdagan naman ng mananaliksik ng isang panuntunan tungkol sa nilalaman. Bilang kabuuan, binubuo ng tatlong (3) panuntunan ang pagwawasto ng komposisyon. Bawat panuntunan ay binubuo ng sampung (10) puntos at ang pinakamataas na marka na maaaring makuha ng isang estudyante ay tatlung (30) puntos.

Ang ikatlong instrumento sa pag-aaral na ito ay isang talatanungan na naglayong matukoy ang naging *feedback* ng mga estudyante sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo. Ito ay hinango sa mga instrumentong ginamit nina Larsen [14], Enriquez [15] at Al-Said [16] sa kanilang mga pag-aaral na iminodipika ng mananaliksik upang maging angkop sa layunin ng pag-aaral na ito. Ito ay binubuo ng mga pahayag hinggil sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa platform na Edmodo. Ang mga pahayag sa talatanungan ay nakabatay sa Likert Scale kung saan ang 5.0 para sa lubos na sumasang-ayon, 4.0 para sa sumasang-ayon, 3.0 para sa di-tiyak, 2.0 para sa di-sumasang-ayon at 1.0 para sa lubos na di-sumasang-ayon. Ang talatanungan ay binubuo ng dalawampung (28) pahayag hinggil sa pagsasagawa ng blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan.

Ang nabuong online na kagamitang pampagtuturo ay may layuning mapaunlad ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante. Ito ay ginamit sa pamamagitan ng isang *social learning resources o platform* na Edmodo bilang bahagi sa blended na pagtuturo at pagkatuto na ang mga paksa ay ayon sa silabus ng asignaturang Fili 21 Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Ito ay binubuo ng limang modyul na may pokus sa paksang pagsulat. Binubuo naman ito ng limang bahagi, ito ay ang introduksyon, layunin na binubuo ng pangunahin at mga tiyak na layunin, input, mga gawain, huling araw ng pagpasa, sanggunian at mga karagdagang babasahin.

### C. Paraan ng Pagkuha ng mga Datos

Tinukoy ang dalawampung (20) estudyante na naging tagatugon ng pag-aaral sa pamamagitan ng obserbasyon at pahapyaw na pakikipanayam. Isinaalang-alang ang kasanayang gumamit ng mga estudyante ng kompyuter, laptop, smart phone at ang epektibong paggamit ng Internet.

Isinagawa ang pre-test sa mga tagatugon bago magsimula ang blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online kagamitang pampagtuturo. Binubuo naman ng dalawang uri ang pre-test, ang unang instrumento na naglalayong matukoy ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa nilalaman, organisasyon at mekaniks batay sa kanilang sariling pagtataya at ang ikalawang instrumento na naglalayong matukoy ang kasanayang pagsulat sa pamamagitan ng pagpapasulat ng komposisyon.

Ang online na kagamitan ay may pagsasaalang-alang sa introduksyon ng paksa, layunin, input, mga gawain, sanggunian at mga karagdagang babasahin ng bawat aralin. Ang nabuong modyul ay na-access ng mga estudyante sa pamamagitan ng kompyuter, laptop, tablet at smart phones na nakakokonekta sa Internet. Dahil dito ang online na pagkatuto ay naisagawa ng mga estudyante kahit saan sila at sa anumang oras. Isinagawa ang blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online sa kagamitan sa pamamagitan ng Edmodo. Isinagawa ang post-test pagkatapos ng paggamit ng online na kagamitan na nilinang ng blended na pagtuturo at pagkatuto.

Isinagawa ang post-test pagkatapos ng paggamit ng online na kagamitan na nilinang ng blended na pagtuturo at pagkatuto. Ang unang instrumentong ginamit sa post-test ay naglayong matukoy ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa nilalaman, organisasyon at mekaniks batay sa kanilang sariling karanasan; ang ikalawang instrumento naman ay naglayong matukoy ang kasanayang pagsulat batay sa pagsulat ng komposisyon samantalang ang ikatlong instrumento sa post-test ay ang talatanungan hinggil sa naging *feedback* ng mga estudyante pagkatapos isinakatuparan ang blended na pagtuturo-pagkatuto.

Ginamit naman ang deskriptibong istadistikal sa pagkuha ng mean sa pagtukoy ng kasanayang pagsulat ng mga estudyante batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks sa pre-test at post-test; at sa *feedback* ng mga estudyante sa blended na pagtuturo at pagkatuto. Samantalang ginamit naman ang *paired t-test* sa pagtukoy ng makabuluhang pagkakaiba ng pre-test at post-test sa pagsulat ng komposisyon. Ito ay ang pinakaangkop na pagsusuring istadistikal sapagkat ang datos ay hango sa iisang pangkat lamang. Nagkakaroon ng isandaang porsyentong (100%) pagsasauli ng mga talatanungan at partisipasyon ng mga tagatugon sa pakikipahagi sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo.

### D. Limitasyon ng Pag-aaral

Binibigyang-pokus sa pag-aaral na ito ang pagbuo ng online na kagamitang pagsulat. Ito ay limitado lamang sa mga mag-aaral na kumukuha ng kursong edukasyon sa Visayas State University Tolosa.

Nakatuon din ang pag-aaral sa pagtukoy sa naging karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng online na kagamitan sa pamamagitan ng Edmodo.

Ang pag-aaral na ito ay naglayong makabuo ng online na kagamitang pampagtuturo na nilinang gamit ang blended na pagtuturo-pagkatuto sa kasanayang pagsulat sa Filipino. Layunin din na matukoy ang kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks; ang makabuluhang pagkakaiba ng kinalabasan nito; at ang feedback ng mga estudyante sa paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto.

#### IV. RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa pre-test at post-test batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks; makabuluhang pagkakaiba ng kinalabasan ng pre-test at post-test sa pagsulat ng komposisyon at ang naging *feedback* ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto ay ilalahad.

##### A. *Kasanayang Pagsulat ng mga Estudyante Batay sa Nilalaman, Organisasyon at Mekaniks*

Ginamit ang deskriptibong pagsusuring istadistikal sa pagtukoy ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks kung saan tinukoy ang mean ng bawat aytem at ang kabuuan nito. Binigyan ng interpretasyon ang bawat mean.

Ang mga mag-aaral ay may positibong kasanayang pagsulat batay sa nilalaman ( $M=3.96$ ) sa pre-test. Ito ay nangangahulugan na bago pa man magkaroon ng blended na pagtuturo at pagkatuto ay naniniwala ang mga mag-aaral na taglay nila ang lahat ng mga salik na kaugnay sa kasanayang nilalaman.

Samantalang sa post-test naman ng kasanayang batay sa nilalaman, ang tugon ng mga mag-aaral sa lahat ng aytem ay sumasang-ayon kaya sa kabuuan, nagkaroon pa rin ng interpretasyon na sumasang-ayon ( $M=3.92$ ). Lumabas na mas mataas ang mean ng pre-test ( $M=3.96$ ) kaysa sa post-test ( $M=3.92$ ) subalit sa kabuuan, parehong ang interpretasyon ay sumasang-ayon. Ito ay nagpapahiwatig na pagkatapos ng blended na pagtuturo-pagkatuto ay nagkaroon ng kaalaman at kamalayan ang mga estudyante sa kanilang kasanayan kung kaya't naging masinop at mabisa ang mga estudyante sa kanilang pagbibigay ng tugon sa post-test.

Lumabas naman na mas mataas ang post-test ( $M=3.94$ ) kaysa sa pre-test ( $M=3.78$ ) sa kasanayang pagsulat ng mga estudyante batay sa organisasyon subalit nagkaroon ng parehong interpretasyon na sumasang-ayon. Nangangahulugang ang blended na pagtuturo at pagkatuto ay naging epektibo sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paglalahad ng mga detalye sa pagsulat partikular na sa kasanayang organisasyon. Naging matagumpay ang blended na pagtuturo at pagkatuto sa pagbibigay kaalaman sa mga estudyante upang mapaunlad ang

kanilang kasanayang pagsulat na may pagsasaalang-alang sa organisasyon. Lahat ng aytem sa post-test hinggil sa kasanayan sa organisasyon ay nagkaroon din ng interpretasyon na sumasang-ayon. Nagpapatunay lamang na nagkaroon ng kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng wasto at maayos na talata sa isang paksa.

Sa kasanayang pagsulat batay sa mekaniks naman, lumabas na mas mataas ang post-test ( $M=4.09$ ) kaysa sa pre-test ( $M=3.78$ ) na parehong nagkaroon ng interpretasyon na sumasang-ayon. Ito ay nangangahulugan na positibong nalinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mekaniks pagkatapos ng blended na pagtuturo at pagkatuto. Higit na nalinang ang kasanayan ng mga mag-aaral ang paggamit ng angkop na salita at anyo nito, paggamit ng tamang anyo ng istruktura ng mga pangungusap, malaki at maliit na letra, pagbaybay, bantas at tamang anyo ng mga pandiwa. Kung kaya't naging mabisa ang pamaraang blended sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat partikular sa mekaniks.

Bilang kabuuan, naging mabisang pamaraan ang blended na pagtuturo at pagkatuto sa pagbibigay ng kaalaman at sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga estudyante batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks.

##### B. *Makabuluhang Pagkakaiba ng Kinalabasan ng Pre-test at Post-test sa Pagsulat ng Komposisyon*

Ginamit ang paired t-test sa pamamagitan ng Statistical Packages for Social Sciences (SPSS version 16.0) sa layuning matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng kinalabasan ng pre-test at post-test sa pagsulat ng komposisyon batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks. Makikita sa Talahanayan 1 ang kinalabasan ng pagsusuri.

Talahanayan 1. Makabuluhang Pagkakaiba ng Kinalabasan ng Pre-test at Post-test

		Mean	Std. Deviation	Paired Differences		t	df	Sig.	Interpretation
				Mean	Std. Deviation				
N	PRE	3.90	1.774	4.750	2.221	9.563	19	.000	Highly Significant
	POST	8.65	0.813						
O	PRE	4.00	1.589	4.700	1.559	13.479	19	.000	Highly Significant
	POST	8.70	0.733						
M	PRE	3.60	1.392	4.950	1.395	15.874	19	.000	Highly Significant
	POST	8.55	0.686						
Kabuuhan		37.40	6.987	14.400	5.175	38.916	19	.000	Highly Significant

Batay sa kinalabasan ng pagsusuring *paired t-test*, lumabas na ang mga estudyante ay nagkaroon ng mas mataas na mean average grade sa post-test ( $M=8.65$ ,  $SD=0.813$ ) kaysa sa pre-test ( $M=3.90$ ,  $SD=1.774$ ) sa kasanayang pagsulat batay sa nilalaman. Ang naging mean difference ay  $M=4.750$ ,  $SD=2.221$ . Nangangahulugan na may makabuluhang pagkakaiba ang pre-test at post-test sa kasanayang pagsulat batay sa nilalaman,  $t(19) = 9.563$ ,  $p=.000$ . Napakamabisa ng blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa pagpapaunlad ng

kasanayang pagsulat ng mga estudyante na batay sa nilalaman. Higit na nalinang ang kasanayan ng mga estudyante sa kasanayang nilalaman pagkatapos ng blended na pagtuturo at pagkatuto.

Lumabas naman na nagkaroon ng mas mataas na mean average grade ang mga estudyante sa post-test ( $M=8.70$ ,  $SD=0.733$ ) kaysa sa pre-test ( $M=4.00$ ,  $SD=1.589$ ) sa kasanayang pagsulat batay sa organisasyon. Ang naging mean difference ay  $M=4.70$ ,  $SD=1.559$ . May makabuluhang pagkakaiba ang pre-test at post-test sa kasanayang pagsulat batay sa organisasyon,  $t(19) = 13.479$ ,  $p=.000$ . Nangangahulugan ito na napakamabisa ng blended na pagtuturo-pagkatuto sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga estudyante na batay sa organisasyon. Nagpapahiwatig ito na pagkatapos ng blended na pagtuturo at pagkatuto, ang mga estudyante ay nagkaroon ng kaalaman at kasanayan sa kanilang kasanayang pagsulat batay sa organisasyon. Sa ganitong paraan, naging epektibo ang blended na pagtuturo at pagkatuto sa layuning mapaunlad ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante na may pagsasaalang-alang sa organisasyon.

Sa kasanayang pagsulat batay sa mekaniks, lumabas din na nagkaroon ng mas mataas na mean average grade ang mga estudyante sa post-test ( $M=8.55$ ,  $SD=0.686$ ) kaysa sa pre-test ( $M=3.60$ ,  $SD=1.392$ ). Ang naging mean difference ay  $M=4.950$ ,  $SD=1.395$ . Nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba ang pre-test at post-test sa kasanayang pagulat ng mga estudyante batay sa mekaniks  $t(19) = 15.874$ ,  $p=.000$ . Nangangahulugan ito na mabisang-mabisa ang blended na pagtuturo-pagkatuto sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga estudyante batay sa mekaniks. Naging epektibo ang blended na pamaraan sa pagtatamo ng layunin na mapaunlad ang kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral. Pinatotohanan ng kinalabasang ito ang naging kinalabasan ng pag-aaral nina Camahalan at Ruley [17] kung saan lumabas na naging epektibo ang blended na pagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral na nasa Grade 7 ng Indiana University Southeast na nakapokus sa istruktura ng pangungusap.

Sa kabuuan, naging epektibo ang blended na pagtuturo-pagkatuto sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga estudyante kasanayang pagsulat batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks.

### C. Feedback ng mga Estudyante sa Blended na Pagtuturo-Pagkatuto

Ginamit ang deskriptibong pagsusuring istadistikal sa pagtukoy ng mean ng bawat aytem sa talatanungan at ang kabuuan ng naging *feedback* ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo. Ginamit naman ang *rating guide* na ginamit sa pag-aaral ni Manowong [18] sa pagbibigay ng interpretasyon sa bawat aytem at sa kabuuang mean.

Lumabas na ang mga estudyante ay nagkaroon ng positibong *feedback* hinggil sa blended na pagtuturo at pagkatuto ( $M=4.49$ ) at nagkaroon ng kabuuang interpretasyon na *lubos na sumasang-ayon*. Nagpakita ang mga estudyante ng positibong pagtingin hinggil sa blended na pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng pagtanggap nila nito at sa layuning tugunan ang mga gawaing pampagtuturo sa online na kagamitan. Kaya, ang mga mag-aaral ay nakibahagi at naging malawak ang kanilang partisipasyon sa paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto. Nagkaroon ng makabuluhang pagkatuto ang mga estudyante na may kawilihan at buong partisipasyon sa blended na pamaraan.

Lumabas na *lubos na sumasang-ayon* ang mga estudyante sa halos lahat ng aytem hinggil sa naging *feedback* ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto. Para sa mga estudyante, ang blended na pagtuturo-pagkatuto ay mabisa sa pagtamo ng layunin ng bawat paksa dahil nagkaroon ng koordinasyon ang talakayang online at silid-aralan ( $M=4.70$ ); malaya ang mga estudyante sa pakikipagkomunikasyon sa guro at kaklase ( $M= 4.40$ ,  $4.70$ ); mabisa ang online na kagamitang pampagtuturo na may tuon sa organisasyon ng mga paksa; layunin at nilalaman; at kagaanan sa paggamit ng online na kagamitan ( $M=4.45$ ,  $4.45$ ,  $4.70$ ,  $4.25$ ); aktibong partisipasyon ang mga estudyante ( $M=4.65$ ,  $4.70$ ). Naging maganda ang naidulot ng blended na pamaraan sa paghikayat sa mga estudyante na makibahagi ng kanilang nalalaman at ang malawak na partisipasyon tungo sa mabisang talakayan. Mabisang sangkap ang partisipasyon upang higit na mapagtagumpayan ng mga estudyante ang anumang pagkatuto. Naging mabisa ang Edmodo sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga estudyante ( $M=4.75$ ,  $4.75$ ,  $4.40$ ). Naniniwala ang mga estudyante na sa pamamagitan ng blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan ay maaaring maganap ang pagkatuto kahit saan at kahit kailan ( $M=4.80$ ,  $4.35$ ). Ito ay nagpapahiwatig na angkop ang blended na pamaraan sa mga estudyante sa antas kolehiyo dahil sa pagkakaiba-iba ng mga estudyante sa edad, oras at layunin sa pag-aaral. Ang indibidwal na kakayahan ng bawat estudyante na magsaliksik nang online sa pamamagitan ng iba't ibang impormasyon at karagdagang babasahin ay nalinang ( $M=4.75$ ,  $4.65$ ). Ang blended na pagtuturo at pagkatuto ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ( $M=4.55$ ,  $4.40$ ,  $4.60$ ), ang disiplina ng bawat estudyante ay kailangan ( $M=4.65$ ) at nagkaroon ng aktibong interaksyon ang guro at ang mga estudyante at maging ang pagkakaroon ng interes sa asignaturang Filipino ( $M=4.55$ ,  $4.35$ ,  $4.55$ ).

Samantalang lumabas na *sumasang-ayon* ang mga estudyante sa mga aytem 4, 17, 24, 27 at 28 na magaan gawin ang mga gawaing pampagkatuto sa blended na pagkatuto ( $M = 4.00$ ); madaling gamitin o i-navigate ang Edmodo ( $M= 4.10$ ); pagkakontento at pagtagumpay sa paggamit ng pamamaraang blended na pagtuturo-pagkatuto ( $M=4.15$ ); ang estudyante na

walang access sa Internet ay mapag-iwanan lalo na sa gawaing pampagkatuto sa Edmodo ( $M=4.10$ ); ang online na kagamitan ay angkop sa lokasyon ng mga estudyante ( $M=4.15$ ).

Sa kabuuan, nagkaroon ng positibong feedback ang mga estudyante hinggil sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo.

## V. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa pre-test at post-test batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks. Tinukoy din ang makabuluhang pagkakaiba ng kinalabasan ng pre-test at post-test scores ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagsusulat ng komposisyon at ang pagtukoy sa feedback ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto. Batay sa pre-test at post-test na parehong ayon sa sariling pagtataya ng mga estudyante, sumang-ayon sila na taglay nila ang mga salik na napapaloob sa kasanayang pagsulat ayon sa nilalaman, organisasyon at mekaniks. Natuklasan din na may makabuluhang pagkakaiba ang kinalabasan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Samantalang nagkaroon ng positibong feedback ang mga estudyante hinggil sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo.

Batay sa mga natuklasan, higit na mabisa ang paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo sa paglinang at pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks upang maging mabunga at makabuluhan ang kanilang karanasan sa pagsulat. Naging mabisang pamaraan ang blended na pagtuturo at pagkatuto sa pagbibigay ng kaalaman at sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga estudyante batay sa nilalaman, organisasyon at mekaniks. Nagkaroon ng malawak na kaalaman ang mga estudyante sa kanilang kasanayan.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa naging kinalabasan ng pag-aaral nina Shams-Abadi, Ahmadi at Mehrdad [19] na nagpakita ng pagkamabisa sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ang paggamit ng makabagong pamaraan ng pagtuturo na may pagsasaalang-alang sa paggamit ng teknolohiya at mga modernong kagamitan. Natutulad din ito sa naging kinalabasan ng pag-aaral nina Ghahari at Golestan [20] at Keshta at Harb [21] na sa pamamagitan ng blended na pagtuturo ay higit na napaunlad ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante.

Pinatotohanan ng mga estudyante na ang paggamit ng pamaraan sa pagtuturo na may kaugnayan sa pagiging modermo at napapanahon sa tulong ng mga makabagong kasangkapan sa pagkatuto ay epektibo at nagiging mabisa sa aspektong pagkatuto. Ang paggamit ng blended na pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng nilinang

na online na kagamitan ay mabisang pamaraan upang malinang ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante sa unang taon sa kolehiyo.

Nagkaroon ng makabuluhang pagkatuto ang mga estudyante sa paglinang ng kanilang kasanayang pagsulat sa pamamagitan ng pamaraang blended. Sa ganitong paraan ay mas lalong nahikayat ang mga estudyante na pag-aralan ang mga aralin kasabay nito ay nagkaroon sila ng kuryosidad at pagkagiliw habang natututo. Ang kinalabasang ito ay may pagkakatulad sa kinalabasan ng pag-aaral ni Manowong [18] na nagkaroon ng positibong karanasan at pagkatuto sa paggamit ng Edmodo ang mga estudyante.

Nakapokus ang pag-aaral na ito sa pagtukoy ng kasanayang pagsulat ng mga estudyante gamit ang nilinang na online na kagamitan sa blended na pagtuturo-pagkatuto. Kung kaya, inirerekomenda ng mananaliksik na magsagawa ng mas malaliman pang pagsusuri hinggil sa paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto at ang iba pang makrong kasanayan sa Filipino. Ang konteksto ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagsasanib ng pamaraang blended sa mga prosesong pagtuturo at pagkatuto. Paigtingin pa lalo ang paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto sa pagtuturo sa iba pang asignatura hindi lang sa Filipino lalo na sa antas kolehiyo. Gamitin ang blended na pamaraan sa pagtuturo ng iba pang kasanayan gaya ng pakikinig, pagbasa at pagsasalita. Inirerekomenda din na gamitin ang Edmodo bilang bahagi ng blended na pagtuturo at pagkatuto sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Higit pa na pagtuunan ng pansin ng mga guro sa Filipino ang pagkakaroon ng inobasyon sa pagtuturo ng mga paksang angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral gamit ang teknolohiya.

## MGA SANGGUNIAN

[1] Hoseini, M. (2013). Is there any Relation between Writing Skill and Content Score of English Essay Test? Retrieved from: [https://www.researchgate.net/publication/2797429891\\_n\\_the\\_Importance\\_of\\_EFL\\_Learners%27\\_Writing\\_Skill\\_Is\\_there\\_any\\_Relation\\_between\\_Writing\\_Skill\\_and\\_Content\\_Score\\_of\\_EnglishEssayTest](https://www.researchgate.net/publication/2797429891_n_the_Importance_of_EFL_Learners%27_Writing_Skill_Is_there_any_Relation_between_Writing_Skill_and_Content_Score_of_EnglishEssayTest).

[2] Jun, Z. (2008). A Comprehensive Review on Studies on Second Language Writing. Anhui University. HKBU Papers in Applied Language Studies Vol.12, 2008.

[3] Hashemian, M. and Heidari. (2012). The Relationship between L2 Learner's Motivation/Attitude and Success in L2 Writing. Procedia Social and Behavioral Sciences. [https://www.researchgate.net/publication/280612076\\_Hashemian\\_Heidari](https://www.researchgate.net/publication/280612076_Hashemian_Heidari).

[4] Truya, Rizalina D. (2014). Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag-aaral na Di-Tagalog. Cebu Normal University. Di-nalathalang Disertasyon.

[5] Lartec, J. K., et al. (2014). In Fajielan, Wennielyn F., et al. (Eds). Hasaan: Opisyal na Journal sa Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas. Tomo 1. Paragon Printing Corp. Manila (pp 19-33).

[6] The Economist Intelligence Unit. (2008). The Future of Higher Education: How Technology Will Shape Learning A report from the Economist Intelligence Unit. New Media Consortium. <http://graphics.eiu.com/PDF/Democracy%20Index%202008.pdf>. Retrieved: January 2, 2016.

[7] Republic Act 7722 (Higher Education Act of 1994). <http://ched.gov.ph/wpcontent/uploads/2013/05/Republic-Act-7722.pdf>. Retrieved: May 01, 2016.

[8] Graham, C. & Dziuban, C. (2008). Blended Learning Environments. In Spector, J., Merrill, M., Merriënboer, J., & Driscoll, M. (Eds.), *Handbook of Research on Educational Communications and Technology* (3rd ed.) New York: Taylor & Francis Group. (pp. 269-274).

[9] Duke, B. Harper, G. and Jonhston, M. (2013). Connectivism as a Digital Age Learning Theory. *The International HETL Review*, Special Issue.

[10] McCord, M. G., et al. (2013). Online Writing Instruction Report and Recommendations. McMicken College of Arts and Science. <http://aaupuc.org/content/uploads/2015/04/Online-Writing-Instruction.pdf>. Retrieved: May 1, 2016.

[11] ESLP 182 Questionnaire: Self-Assessment of English Writing and Grammar, Punctuation and Mechanic Skills and Use of Writing and Editing Strategies. (2008). [marquette.edu/oie/documents/ESLP182Questiuonnair\\_eFa08.pdf](http://marquette.edu/oie/documents/ESLP182Questiuonnair_eFa08.pdf).

[12] Nasir, L., et al. (2013). Enhancing Students' Creative Writing Skills: An Action Research Project. *Acta Didactica Napocensia*. Volume 6, Number 2, 2013. <http://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1053632.pdf>. Retrieved: May 28, 2016.

[13] Aday, M.D.L. (2009). Mixed Mode Exposure and Second Language Proficiency. Cebu Normal University (Unpublished Dissertation).

[14] Larsen, L.J. (2012). 2012 Teacher and student perspectives on a blended learning intensive English program writing course. Iowa State University. <https://lib.dr.iastate.edu/etd/12375/>.

[15] Enriquez, M.S. (2014). Student Perceptions on the Effectiveness of the Use of Edmodo as a Supplementary Tool for Learning. Retrieved from: [http://www.dlsu.edu.ph/conferences/dlsu\\_research\\_congress/2014/\\_pdf/proceedings/LLI-II-010-FT.pdf](http://www.dlsu.edu.ph/conferences/dlsu_research_congress/2014/_pdf/proceedings/LLI-II-010-FT.pdf).

[16] Al-Said, K. M. Students' Perceptions of Edmodo and Mobile Learning and their Real Barriers towards Them. Department of Educational Technology, College of Education - Taibah University – KSA. Retrieved from: <http://www.tojet.net/articles/v14i2/14220.pdf>.

[17] Camahalan, F. M. G. and Ruley, A. G. (2014). Blended Learning and Teaching Writing: A Teacher Action Research Project. Indiana University Southeast.

[18] Manowong, S. (2016). Undergraduate Students' Perceptions of Edmodo as a Supplementary Learning Tool in an EFL Classroom. *Silpakorn University Journal of Social Sciences, Humanities and Arts* Vol. 16(2): 137-161.

[19] Shams-Abadi, B. B., Ahmadi, S. and Mehrdad, A. (2015). The Effect of Edmodo on EFL Learners' Writing Performance. Retrieved: <https://www.semanticsscholar.org>.

[20] Ghahari, S. and Golestan, S. The Effect of Blended Learning vs. Classroom Learning Techniques on Iranian EFL Learners' Writing International Journal of Foreign Language Teaching & Research – Vol.1 – Issue 3 – Spring 2013.

[21] Keshta, A. S. and Harb, I.I. (2013). The Effectiveness of a Blended Learning Program on Developing Palestinian Tenth Graders' English Writing Skills. *Education Journal* 2013; 2(6): 208-221.